

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Ang mga organisasyon sa Brampton ay maaaring mag-aplay para sa isang complimentary Rick Hansen Foundation Accessibility Certification rating**

BRAMPTON, ON (Marso 11, 2020) – Napili ang Brampton bilang isa sa sampung munisipalidad sa Ontario kung saan ang mga lokal na organisasyon ay kwalipikadong mag-aplay para sa complimentary Rick Hansen Foundation Accessibility Certification (RHFAC), isang programa na nagri-rate kung gaano ka accessible ang mga gusali para sa mga taong may kapansanan.

Ang mga non-profit, pampubliko at pribadong mga samahan sa buong lungsod ay hinihikayat na samantalain ang libreng RHFAC rating para mas maunawaan ang antas ng pagiging accessible ng kanilang gusali at tukuyin ang mga paraan para makagawa ng mga pagpapa-improve. Ang mga gusaling magkamit ng sapat na mataas na rating ay magiging Rick Hansen Foundation Accessibility Certified o Accessibility Certified Gold.

Ang bagong complimentary na programang RHFAC ay tinustusan ng Pamahalaan ng Ontario kaakibat ng Rick Hansen Foundation na may layuning gawing mas accessible ang mga komunidad. Napili ang Brampton dahil sa laki ng populasyon nito at heograpikong pagkakaiba-iba. Mga 25 lokasyon sa buong Brampton ang magiging kwalipikado para sa complimentary RHFAC ratings. Kailangang mag-aplay ang mga organisasyon bago lumipas ang Marso 27 sa [www.rickhansen.com/freerating](http://www.rickhansen.com/freerating).

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa programang RHFAC, bumisita sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

### **Mga Highlight**

- Ang mga organisayong na-rate sa pamamagitan ng programang RHFAC ay tatanggap ng scorecard rating at iulat ang mga mahalagang bahagi ng tagumpay at pagpapa-improve para sa kanilang lokasyon.
- Ang Accessibility Advisory Committee ng Lungsod ng Brampton, na binubuo ng mga miyembrong mamamayan, ay rerepaso sa lahat ng mga aplikasyon sa programang RHFAC bago lumipas ang dulo ng Mayo/unang bahagi ng Hunyo. Aabisuhan ang mga aplikante kung matagumpay ang kanilang aplikasyon bago lumipas ang Hulyo 3, 2020.
- Ang Lungsod ng Brampton at ang [Accessibility Advisory Committee](#) nito ay itinataguyod para tiyakin na ang mga tao sa lahat ng edad at kakayahan ay mag-enjoy sa kaparehong mga oportunidad habang sila ay naninirahan, naglalaro, bumibisita at namumuhunan sa Brampton.

### **Mga Quote**

“Ang Brampton ay binubuo ng iba’t ibang mga miyembro, at sa Lungsod tayo ay committed sa pagtanggap ng mga balakid para sa mga taong may kapansanan, at tinutukoy ang mga pagkakataon para madagdagan ang pagiging accessible sa buong diverse na komunidad natin. Ikinagagalak ko na napili ang Brampton na sumali sa programang RHFAC, at hinihikayat ang mga lokal na organisasyon na sumali at tumulong sa atin na gawing mas accessible ang lungsod para sa lahat.”

- *Patrick Brown, Mayor, City of Brampton*

“Bilang kinatawan ng Konseho sa Accessibility Advisory Committee, ipinagmamalaki ko ang trabahong ginagawa natin sa komunidad para gawing accessible ang Brampton para sa mga tao sa lahat ng edad at kakayahan. Hinihikayat ko ang mga organisasyon ng lahat ng uri na samantalahin itong libreng pagkakataon na magkamit ng RHFAC rating. Sa pagtanggap sa mga balakid, ang ating lungsod ay magiging mas nagsasali at accessible sa lahat, na nagpapahintulot sa lahat ng may kapansanan na sumali nang lubos sa ating komunidad.”

- *Pat Fortini, Rehiyonal na Konehal, Wards 7 at 8; Miyembro, Accessibility Advisory Committee; Miyembro, Region of Peel Accessibility Advisory Committee*

“Ang mapagbigay na pagtutustos mula sa pamahalaan ng Ontario ay nagbibigay kakayahan sa maraming organisasyon na maunawaan at ipakita ang pagiging accessible ng kanilang gusali, at makakatulong sa pagsasabi sa kanilang mga plano sa pagiging accessible sa hinaharap kaugnay ng naitayong kapaligiran, Ito ay isang magandang pagkakataon para sa mga organisasyon na makatulong na gawing mas nagsasali ang Ontario para sa ating mga may-edad na populasyon at lumalaking bilang ng mga taong may kapansanan.

- *Brad McCannell, Bise-Presidente, Access at Pagsasali, Rick Hansen Foundation*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca).

**KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media & Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)